kolum- FILIPINO

# Bata ang Edad, Pananagutan ang Dapat

Arnet U. Veroy (Baganga North District)

Ilang bata pa ba ang kailangang maligaw bago tayo matauhan? Ilang paaralan pa ba ang kailangang maging lugar ng pangamba bago natin amining may malalim nang sugat ang ating lipunan? Sa bawat kaso ng kabataang nasasangkot sa krimen, hindi lamang batas ang nasusubok kundi pati ang kakayahan nating gumabay, umunawa, at kumilos bago maging huli ang lahat.

Ayon sa Philippine National Police, 1,275 school-related incidents involving Children in Conflict with the Law (CICL) ang naitala sa buong bansa mula 2022 hanggang 2025. Umabot sa 405 ang kaso noong 2023, 745 noong 2024, at 125 noong 2025. Hindi ito basta mga numerong dapat ilagay sa ulat at kalimutan kinabukasan. 1,275 insidente ang 1,275 babalang matagal na nating naririnig ngunit tila pinipili pa rin nating magbingi-bingihan.

At ngayon, kapag may batang nasasangkot sa karahasan, ang unang tanong ng ilan ay: "Bakit hindi ibaba ang edad ng criminal responsibility?" Mula 15 tungo sa 10. Madaling sagot. Mabilis na sagot. Ngunit hindi ibig sabihin na tama itong sagot. Sa gitna ng pangamba matapos ang school shooting sa Tacloban na kinasasangkutan ng mga menor de edad, muling umigting ang diskusyon tungkol dito.

Ngunit ang kulungan ba ang unang gamot sa batang naliligaw? Hindi ako sang-ayon na ang pagpapababa lamang ng minimum age of criminal responsibility ang dapat maging sentro ng ating tugon. Sapagkat kung ang batang sumasablay ng mali ay agad nating ituturing na kriminal, ngunit hindi natin tinatanong kung sino ang unang nagkulang sa paggabay

Ngunit huwag din nating kalimutan ang mga biktima. Sa pagtatanggol sa karapatan ~~(?)~~ ng isang batang nagkasala, hindi natin dapat kalimutan ang batang maaaring natakot, nasaktan, o nawalan ng kapanatagan. Ang hustisya ay hindi dapat pumili kung sino lamang ang karapat-dapat protektahan. Kailangang nating ipagtanggol ang karapatan ng bata sa rehabilitasyon habang mahigpit ding pinoprotektahan ang karapatan ng bawat mag-aaral at guro sa isang ligtas na paaralan. Ang tunay na balanseng hustisya ay hindi bulag sa pagkakamali, ngunit hindi rin bulag sa posibilidad ng pagbabago.

good!

Kaya bago natin ibaba ang edad ng pananagutan, itaas muna natin ang antas ng paggabay. Bago tayo magdagdag ng parusa, dagdagan muna natin ang prevention. Bago natin tawaging kriminal ang isang bata, tiyakin muna nating ginawa natin ang lahat upang hindi siya tuluyang maging isa. Sapagkat ang sukatan ng isang ligtas na lipunan ay hindi kung gaano karaming bata ang naipakulong nito, kundi kung gaano karaming bata ang nailigtas nito mula sa pagkakamali. Ang bata ay maaaring magkamali, ngunit tungkulin nating tiyaking ang pagkakamali niya ay hindi maging katapusang ng kaniyang kinabukasan.

KOLUM - FILIPINO

# PARUSA O PAG-ASA ?

ni : Evy E. Luna
BAGANGA SOUTH DISTRICT

Kapag ang bata ay nagkamali, parusa ba agad ang sagot — o pagkakataon upang siya'y magbago ?

Isang tanong na hindi madaling sagutin.

Ayon sa ulat ng Philippine National Police (PNP), umabot sa 1,275 insidenteng may kinalaman sa mga kabataang sangkot sa paglabag sa batas sa loob o kaugnay ng paaralan ang naitala mula 2022 hanggang 2025. Pinakamataas ang bilang noong 2023 na may 395 kaso.

Nakababahala. Ngunit higit sa bilang ng mga kaso, dapat nating tingnan ang batang nasa likod ng bawat numero.

Hindi ko sinasabing dapat palampasin ang pagkakamali ng kabataan. Ang maling gawain ay kailangang panagutan. Ngunit naniniwala akong hindi lahat ng batang nagkamali ay dapat agad lagyan ng tatak na "kriminal".

Sila ay mga batang maaaring nadala ng maling barkada, kakulangan ng paggabay, problema sa pamilya, o mga sitwasyong hindi nila kayang harapin nang mag-isa.

Kaya hindi sapat ang tanong na, "Ano ang parusa sa batang ito?"

Mas mahalagang itanong: "Ano ang ginawa natin upang hindi na niya ito maulit?"

Sapagkat ang batang nagkamali ngayon ay hindi nangangahulugang wala na siyang kinabukasang maaaring ituwid. Sila ay binhing kailangang gabayan upang mamunga.

At kung tunay nating hangad ang ligtas na paaralan at ligtas na lipunan, huwag nating hintaying ang bata ay maging problema bago natin siya alagaan. Ituwid natin habang may panahon. Gabayan habang may pagkakataon. Sapagkat ang batang iniligtas natin ngayon ay maaaring siya ring mamuno sa bayang ililigtas natin bukas.

Cristine C. Tagabunlang
Sigang ES
Lupon West District

# Kapag ang Likes ang Nagiging Sukatan ng Sarili

- Sa panahon ngayon, tila hindi na kumpleto ang isang araw ng kabataan kung walang pagtingin sa social media. Pagkagising, hawak ang cellphone. Bago matulog, muling nag-i-scroll. Sa pagitan nito ay mga larawan, video, komento at opinyon ng ibang tao. Ngunit sa likod ng masayang mundo online, may isang tanong na dapat nating pag-isipan. Ano ang kapalit ng sobrang pagkababad sa social media?

Ipinapakita ng survey ang Pew Research Center na kapwa nababahala ang mga magulang at kabataan sa kalagayan ng mental health ng mga teenager. Ngunit magkaiba ang kanilang pananaw sa ugat ng problema. Mas nakikita ng mga magulang ang social media bilang malaking dahilan, samantalang mas nakikita naman ng mga kabataan ang bullying, pressure at mataas na expectations bilang bahagi ng kanilang pinagdaraanan.

Para sa akin, hindi naman masama ang social media. Maari itong maging daan upang makipag-ugnayan sa kaibigan, matuto ng bagong bagay at maipakita ang talento at pagkamalikhain. Ngunit nagiging problema ito kapag ang virtual na mundo ang nagsisimulang magsalita, mamuhay at maging masaya ang isang kabataan.

Mas mapanganib ang social media kapag ginagawa nitong paligsahan ang buhay. May magandang katawan - naiinggit. May magandang katawan - naiinggit. May bagong cellphone - naiinggit. May magandang bakasyon - naiinggit. May maraming followers - pakiramdam ay kulelat.

Unti-unting nakakalimutan ng kabataan na ang nakikita sa screen ay bahagi lamang ng buhay ng isang tao, hindi ang buong katotohanan nito. Nababahala rin na marami sa mga kabataan mismo ang nakararamdam na sobra na ang kanilang paggamit ng social media.

Ipinakita ng Pew Research Center na halos kalahati ng mga teenager na sinuri ang nagsasabing masyadong silang maraming oras na ginugol dito. Kasabay nito, mas marami ang nagsasabing nakasasama ang social media sa kanilang tulog at pagiging produktibo kaysa nakatutulong.

Kaya hindi sapat na sabihin lamang ang mga kabataan na "Ibaba mo ang cellphone mo". Kailangan nila ng gabay, pag-unawa at isang ligtas na lugar upang magsabi ng kanilang nararamdaman. Dapat din matutong makinig ang mga magulang at guro nang hindi agad nanghuhusga. Minsan, ang isang simpleng tanong na "kumusta ka talaga?" ay mas mahalaga kaysa isang sermon tungkol sa screen time.

Sa huli, hindi social media ang tunay na kalaban. Ang tunay na panganib ay kapag nakalimutan nating gamitin ang teknolohiya bilang kasangkapan at hinayaan nating tayo ang kontrolin nito. "Hindi dapat maging sukatan ng halaga ng isang kabataan ang dami ng likes, followers o views. Ang tunay na halaga ng isang tao ay hindi nasusukat sa screen, kundi sa kung sino siya kapag wala nang nakatingin."

Pagsulat ng Opinyong Pang-taon Filipino

DATE

# Hindi Kulong, Kundi Gabay

ni: Herlyn R. Monares / Cateel I District

Mahigit 1,275 na kaso ng mga kabataan na may kinalaman sa batas ang naitala mula 2022 hanggang 2025. Ito ay nakababahala, ngunit ang sagot ba ay ang pagpapababa ng pananagutang panlipunan mula 15 patungong 10 taong gulang? Sa tingin ko, hindi.

Tama si PNP chief Nartalez na kailangan ng balanseng pamamaraan. Hindi sapat na parusahan agad ang mga bata. Marami sa kanila ang nangangailangan ng gabay, rehabilitasyon, at suporta ng pamilya at pamayanan, upang hindi na umulit pa ang pagkakamali

Makikita sa datos na marami sa mga kaso ay naayos nang mapayapa o naipasa sa mga ahensya ng kapakanang panlipunan. Ibig sabihin, hindi lahat ay kailangang ipakulong. Ang pagbibigay ng pagkakataong itama ang sarili ay mas epektibo kaysa sa pagpapataw ng mabigat na parusa.

Sa halip na magpokus sa pagpapababa ng edad ng pananagutan, palakasin natin ang mga programa ng paggabay at pangangasiwa. Ang tamang pagtuturo at pagmamahal ang tunay na lunas upang hindi na maligaw ng landas ang ating mga kabataan.

Ang mga kabataan ay hindi kaaway na dapat ikulong. Sila ay nangangailangan ng pag-unawa at paggabay. Doon magsisimula ang tunay na pagbabago.

# PAGTUTUWID SA TAGIBANG NA LANDAS

## Ang Kolektibong Pagkilos ng Kabataan at Komunidad

Ang kabataan ay may kakayahang tugunan ang panawagan ayon sa kahingian ng panahon. Mula sa datos ng Kagawaran ng Edukasyon, tinatayang mahigit 20.6 milyong mag-aaral ang enrolled sa taong panuruan 2026-2027. Hinggil dito, ating mahihinuha na malaki ang suliraning kinakaharap ng sektor ng mga kabataan sa pagsugpo sa 1,275 kaso ng karahasan na kinasasangkutan ng mga Children in Conflict with the Law (CICL) ayon sa Women and Children Protection Center (WCPC) ng Philippine National Police (PNP).

Kung aking mararapatin, nakababahala ang bilang na ito. Ayon sa PNP, 210 insidente ang naitala noong 2022, na tumaas sa 395 noong 2023, bago bumaba sa 345 noong 2024 at 325 noong 2025. Ngunit hindi nararapat na husgahan sa pangkalahatan ang mga kabataan. Bagkus ito ay magiging hamon upang pagtibayin ang hanay ng mga kabataang naliligaw mula sa tuwid na daan.

Sa ganang akin, hindi pagkakakulong ang natatangi at kongkretong solusyon sa paglalatag ng direksyon tungo sa hustisya. Kalakip ng paggabay, interbensiyon at rehabilitasyon ay ang impluwensiya ng mga awtoridad tulad ng PNP at DepEd. Mula sa 1,275 insidente, 221 ang naayos ng amicable settlement at 52 ang ini-refer sa mga social welfare authority. Dagdag pa, 119 kaso ang na-dismiss at 272 insidente ang hindi na itinuloy matapos piliin ng mga complainant o biktima na huwag nang magsampa ng kaso.

Siyang tunay, walang anumang kasalanan ang di dapat pagbayaran, lalung-lalo na ng mga nasangkot sa shooting sa Tacloban at Ateneo de Zamboanga University (ADZU). Ngunit, hindi rin naman nagkibit balikat ang PNP sa pagwawasto sa kamalian ng CICL. Binibigyang diin nila ang balanseng pagtatama sa pamamagitan ng pagtataguyod ng programang may kinalaman sa guidance at proteksyon sa karapatang pambata. Sa madaling salita, hindi bayolente ang pamamaraan ng kaparusahan sa mga batang sistemikong nagiging biktima ng karahasan.

Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng programa tulad ng Anti-Bullying Act (RA 10627) at Child Protection Policy, hindi lamang tinatayang 228,000 kapulisan ang magiging sandigan ng mga kabataan sa buong bansa kundi pati na rin ng humigit kumulang 1 milyong kawani ng DepEd. Maaayos nang paunti-unti ang malubak na direksyon sa pamamagitan ng resolution programs at family support na nakatuon sa personality development ng mga kabataan.

Kaya sa gitna ng usapin tungkol sa pagaamyenda ng Juvenile Justice and Welfare Act (RA 9344) o pagpapababa ng minimum age of criminal responsibility mula sa 15 taong gulang sa 10 lamang, hindi lamang dapat bigyang atensyon kung gaano kabata ang maaring makulong. Higit nating pagnilay-nilayan kung paano natin mababago ang direksyon ng bawat batang magiging tagapagtugon sa kahingian ng panahon.

Ngayon, higit kailan man, mahalagang bigyang pansin ang kolektibong pagkilos ng pamilyang nagmamahal, paaralang gumagabay at lipunang nagbibigay pagkakataon para sa tunay na pagbabago at pagtutuwid ng tagibang na landas ng mga kabataan.

— **Dimasalang of Lupon East District**

**Pagsulat ng kolum**